



# OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

## PAG-UNAWA SA ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO NG HIPAA

Ang Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA) ay isang pederal na batas na nagtatatag ng mga patakaran tungkol sa kung sino ang maaaring makakita at makatanggap ng iyong impormasyong pangkalusugan. Ang batas na ito ay nagbibigay sa iyo ng mga karapatan patungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan at kung kailan ito maaaring ipamahagi. Iinaatasan din nito ang iyong mga doktor, parmasyutiko at ibang mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan, at ang iyong planong pangkalusugan na ipaliwanag ang iyong mga karapatan at kung paano maaaring gamitin o ipamahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan. Sundan ang mga hakbang na ito upang masiguro na iyong naunawaan ang Abiso at ang iyong mga karapatan.

### 1. Kumuha ng isang Kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado (Notice of Privacy Practices).

Kung ikaw ay magpapatingin sa isang doktor, pumasok sa isang ospital, magsimulang kumuha ng mga resatang pinunan ng isang parmasya, o magpalit ng sakop ng seguro sa kalusugan, malamang na ikaw ay makatanggap ng ilang mga kasulatang babasahin at pipirmahan. Isa sa mga kasulatang iyon – na tinatawag na Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado – ay nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan tungkol sa iyong pangkalusugang impormasyon at nagsasabi sa iyo kung paano maaaring gamitin o ipamahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan. Kinakailangang ibigay sa iyo ng karamihan ng mga doktor ang Abiso sa inyong unang pakikipagkita, at kinakailangang ibigay sa iyo ang abiso ng karamihan ng mga planong pangkalusugan kapag ikaw ay nagpalista. Isang kopya ng Abiso ay maaari ring ipaskil sa isang maaliwalas, madaling mahanap na lugar sa isang opisina ng doktor, parmasya o ospital, ipadala sa iyo ng kompanya ng iyong seguro sa kalusugan, o ilagay sa isang website ng doktor o kumpanya ng seguro sa kalusugan. Kung hindi mo ito mahanap, hingin ito. Ang iyong tagabigay ng kalusugan o kumpanya ng seguro sa kalusugan ay kinakailangang magbigay nito sa kung sino mang humingi.

### 2. Basahin ang Abiso.

#### Ipapaliwanag ng Abiso:

- Kung paano ang iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o tagaseguro ay gagamit o ipapamahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan.
- Ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, kabilang na ang iyong karapatan na makakuha ng isang kopya ng iyong talaan ng kalusugan, repasuhin ito, hilingin na ito'y itama, at magreklamo kung sa iyong palagay ang iyong mga karapatang pampribado ay nalabag.
- Ang mga legal na tungkulin ng iyong doktor or tagaseguro na protektahan ang iyong impormasyong pangkalusugan.
- Sino ang tatawagan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng pagkapribado ng iyong doktor o kompanya ng seguro.

### 3. Magtanong tungkol sa Abiso o sa Iyong mga Karapatan.

Ang Abiso ay nararapat na tumulong sa iyo na unawain ang iyong mga karapatang pamribado. Kung ang impormasyon sa Abiso ay hindi malinaw, hilingin na ang iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o iyong planong pangkalusugan na ipaliwanag ito. Maaari ka ring makakuha ng karagdagang impormasyon sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/).

### 4. Alamin kung Ano ang Iyong Pinipirmahan.

Inaatasan ng batas ang iyong doktor, ospital, o ibang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan na humingi ng nakasulat na katibayan na iyong natanggap ang Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado (Notice of Privacy Practices), o ang kanilang maaaring tinatawag na isang “pagkilala sa pagtanggap.” Hindi ka inaatasan ng batas na pumirma sa kasulatan ng pagkilala.

- Kung piliin mong hindi pumirma, ang iyong tagapagbigay ay kinakailangang magtago ng isang talaan na hindi nila nakuha ang iyon pirma, ngunit kainakailangan ka pa rin nilang gamutin.
- Kung pinili mong pumirma, hindi mo isinusuko ang ano man sa iyong mga karapatan o sumang-ayon sa ano mang mga espesyal na paggamit ng iyong mga talaang pangkalusugan. Iyo lamang sinasabi na natanggap mo ang Abiso.

Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/).



For more information, visit [www.hhs.gov/ocr](http://www.hhs.gov/ocr).

U.S. Department of Health & Human Services  
Office for Civil Rights